

Marso 20, 2020

Mahalagang Abiso mula sa Departamento ng Serbisyong Pangkaunlaran tungkol sa Ang Fingerprinting at Background Clearance para sa Tauhan

Ano ang dapat malaman

Ang mga tauhan na nagtrabaho sa isa sa mga lokasyon ay maaaring magtrabaho sa iyo o sa iba sa ibang lokasyon ng hindi nag-fingerprint muli.

Sa panahon ng pagsiklab ng COVID-19, nais naming siguraduhin na ang mga tauhan ay maaaring arkilahin upang tulungan ka nang walang pag-antala. Nais din naming siguraduhin na ang mga tagapagkaloob ay may sapat na nasanay na tauhan upang tulungan ang iba sa panahong ito.

Ano ang nagbabago

Karaniwan, ang mga bakas sa daliri o fingerprints ay tsinetsek sa bawat oras na ang tauhan ay magsisimula sa trabaho sa bagong lokasyon. Ito ay maaring magtagal.

Upang matulungan ka at ang iba kaagad, ang mga tauhan ay maaaring magtrabaho sa ibang lokasyon nang hindi tsinetsek ang mga bakas-daliri muli. Ito ay ginagawa namin para sa mga tauhan na alam naming na sila ay nagsagawa ng kanilang backgrounds check sa pamamagitan ng fingerprinting.

Mga Katanungan?

Makipag-ugnay sa iyong lokal na sentro ng rehiyon. Kung hindi ka nila matulungan, mag-email sa DDSC19@dds.ca.gov

Dagdag na kaalaman

Tignan ang abiso ng Departamento tungkol sa pahayag ni Gobernador Gavin Newsom sa Emerhensiya ng Estado dahil sa pagsiklab ng COVID-19 .

Ang link ng buong teks ng direktiba ng Departamento ng Serbisyong Pangkaunlaran:
[Gabay sa Fingerprint Clearance at Eksemasyon sa mga Paglipat](#)